KOLEHIYO NG AGHAM PANLIPUNAN AT PILOSOPIYA
**Unibersidad ng Pilipinas Diliman**

**Tanggapan ng Dekano**

---

23 Abril 2020

Para sa: Kaguruan, Kawani, at mga Mag-aaral ng KAPP
Lahat ng Kinauukulan

(Sgd)
Mula kay: Maria Bernadette L. Abrera, PhD
Dekano

Paksa: Ang Paglikha ng Kanlungang Palma sa Panahon ng Pandemya (KaPPP)

---

Nawa ay nasa mabuting kalagayan kayo at ang inyong mga mahal sa buhay.

Dahil mabilis ang mga pangyayari at pagpapasya, umaabot ito na batid na ninyo ang paghahanda sa Bulwagang Palma upang maging isang community quarantine facility. Ipinarating ng Kolehiyo ang balitang ito sa pamamagitan ng isang pahayag noong ika-17 ng Abril 2020. Mula noon ay naglalabas ng information updates araw-araw ang Kolehiyo hanggang sa kasalukuyan. Noong ika-19 ng Abril nabuo ang katawagan nito bilang Kanlungang Palma sa Panahon ng Pandemya, o KaPPP. Ang maikling pangalan nito ay Kanlungang Palma.

**Ang Paghahanap ng Kanlungan sa Diliman**

Hindi lingid sa inyo ang epekto ng COVID-19 (coronavirus disease) sa buong mundo, sa ating bansa, sa ating mga lungsod at bayan, at ngayon ay sa kampus na mismo. Mula sa pagtingin natin sa ibang bayan, abot-tanaw na natin ang mga apektado ng COVID-19. Nang ipahayag ang pagpapalawig ng community quarantine simula noong ika-17 Marso ng 2020, bumuo kaagad si Tsanselor Fidel R. Nemenzo ng UPD COVID-19 Task Force upang matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad ng Unibersidad sa panahong ito.

Ang una nating pagtugon ay bilang mga propesyunal at akademiko, batay sa ating kaalaman at kakayahan. Sa ating Kolehiyo, iba't ibang inisyatiba ang isinagawa ng mga departamento at ng UP Population Institute, ayon sa kanilang mga disiplina: ang Departamento ng Linggwistiks na naglunsad ng Language Warriors PH upang lumikha ng pambansang network ng mga tagasalin ng mga pahayag at materyales tungkol sa COVID-19 patungo sa iba't ibang mga wika ng bansa; ang Damayan ng

G/F, Bulwagang Palma, Roxas Avenue, UP Diliman, Lungsod Quezon
Telepono bilang: (+63-2) 981-8500 lokal 2429; Telefax (+63-2) 926-3486
Email: TanggapanNgDekano@kssp.upd.edu.ph

Departamento ng Sikolohiya na umaagapay sa pangangalaga ng kalusugang emosyonal at mental sa panahong ito; ang research briefs ng UPPI tungkol sa epekto ng COVID-19 sa bansa gamit ang kanilang mga pag-aaral sa demograpiya ng Pilipinas; ang *Primer* na "Bayanihan to Heal as One Act: 26 Questions" na ginawa ng ilang kaguruan ng Departamento ng Agham Pampulitika; ang proyektong #COVID19 Spatial Coverage ng Departamento ng Geografia na nangalap ng impormasyon at datos upang mapalawak ang kamalayan na may kinalaman sa pagpaplano at pampublikong kalusugan; at ang Usapang #COVID19PH ng Departamento ng Sosyolohiya na pampublikong talakayan tungkol sa mga nagiging epekto ng Covid sa lipunan.  Maliban pa ito sa higit na maraming indibidwal na inisyatiba ng mga guro, kawani, at mag-aaral upang makatulong na mabawasan ang malalang epekto sa kabuhayan dala ng enhanced community quarantine.  Inilunsad ng Kolehiyo ang kampanyang Alay KAPPwa na naglalayong matulungan ang mga custodial worker, mga security guard, at maging ang 30 construction workers sa Bulwagang Palma na hindi makauwi sa kanilang mga lalawigan.

Sabay ng mga pangyayaring ito at ang mga usaping pang-akademiko tungkol sa magiging takbo ng ating mga klase ngayong semestre, lumala ang sitwasyon ng COVID-19 sa ating kagyat na kapaligiran hanggang sa ang dating COVID-19-free community ng Diliman ay naapektuhan na.  Ang mga ospital at health care facilities ay napuno. Ang mga pribadong ospital ay naglabas ng mga pahayag na hindi na sila makatatanggap pa ng mga pasyente.  Noong katapusan ng Marso, lumabas ang datos na nagpapakita ng mabilis na pagtaas ng bilang ng mga may sakit sa napakaikling panahon – dumodoble na ang bilang ng may sakit tuwing ikatlong araw.  Bunga nito at sa mga projection kung kailan magaganap ang rurok ng pagdami ng mga may sakit, nagsimula nang maghanap ng kanlungan ang UP Diliman.  Tunay na mahalaga ang pagkakaroon ng community quarantine areas upang ang mga papasok lamang sa mga ospital ay ang mga nangangailangan ng pasilidad ng ospital.  Ang ibang mga gawain tulad ng testing, isolation, at quarantine ay maaaring nang gawin sa ibang pasilidad sa halip na sa mga pagamutan.

Higit pang napalapit tayo sa realidad ng pandemya nang may nagkasakit at kinalauna'y pumanaw sa komunidad ng UP dahil sa COVID-19.  Kinailangang sumailalim sa quarantine ang kasama niya sa bahay na nagpakita rin ng sintomas.  Batay sa contact tracing, may 15 pang empleyado ng UP Diliman na kailangan mag-quarantine. Ginamit pansamantala ang gusali ng DMST, Kagawaran ng Agham at Taktikang Pangmilitar, para sa agarang pangangailangang ito bagaman hindi ideyal ang kondisyon ng gusali para rito. Dahil dito, nagsimula nang maghanap ang UPD COVID-19 Task Force ng isang lugar na angkop na maging quarantine facility.  Nanawagan si Tsanselor Nemenzo sa mga kolehiyo para sa maaaring gawing quarantine facility alinsunod sa patakaran ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH).  Sa ating kolehiyo, ang Wellness Center ang unang naisip ng Administrative Team dahil maaliwalas, may magandang daloy ng hangin, at malapit ito sa mga palikuran.  Subalit nasa mataas na palapag ito at hindi madaling marating.

Kasabay dito, lumapit ang Lung Center of the Philippines sa UP Diliman upang

humiram ng lugar na maaaring matuluyan ng kanilang mga doktor at health care workers. Hindi nagtagal, ipinaabot din ang parehong kahilingan ng Research Institute for Tropical Medicine at ng Heart Center of the Philippines para sa isang pasilidad na matutuluyan ng kanilang health care workers na pawang frontliners sa mga pasyenteng may COVID-19. Ang National Institute for Science and Mathematics Education (NISMED) ang tumugon sa panawagang ito. Dahil mahalagang matiyak ang kaligtasan kapwa ng mga gagamit ng pasilidad at ng mga kawani, kinuha ng UP Diliman ang serbisyo ng ng isang propesyunal na kompanya na nagsagawa ng malawakang disinfection at decontamination ng NISMED, naglagay ng misting tent, at nagturo ng health protocols sa volunteer staff. Gayundin, kumuha ang UP Diliman ng serbisyo ng isa pang propesyunal na kumpanya na mangongolekta at magtatapon ng basura at iba pang waste materials ayon sa wastong patakarang pangkalusugan. Isang volunteer group naman ng mga UP alumni, ang Act as One PH, ang sumalo sa pagbibigay ng pagkain sa mga namamalagi sa NISMED.

Nagpatuloy ang paghahanap ng UPD COVID-19 Task Force ng community quarantine facility para sa UP Diliman, batay sa payo ng epidemiologists at health specialists. Noong katapusan ng Marso, may isa tayong kaguro na sa kasamaang-palad ay binawian ng buhay hindi dahil sa COVID-19, kundi dahil hindi siya maipasok sa ospital sa kabila ng kaniyang malubhang karamdaman. Dito lalong tumingkad ang katotohanang wala nang kakayahan ang mga ospital na tumanggap ng mga nangangailangan ng pasilidad nila, at kailangan ang pagtutulungan ng lahat ng sektor. Maraming buhay ang maililigtas kung ang mga malulubhang kaso lamang ang tatanggapin sa limitadong pasilidad ng mga ospital.

May 55,000 katao ang nasa loob ng UP Diliman at sa pangmatagalang plano para sa ating komunidad, lubhang kailangan ang quarantine facility upang mapigil ang pagkalat ng COVID-19 at hindi dumami ang mga kaso nito. Inialok ng kani-kanilang dekano ang gusali ng Kolehiyo ng Agham (CS), Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan (CSWCD), at Kolehiyo ng Kinetikang Pantao (CHK) ngunit batay sa isinagawang inspeksyon ay nakitang hindi ideyal ang physical set-up bilang kanlungan ng mga may sakit. Nagsilbing imbakan ng mga kagamitan at mga donasyon tulad ng mga kutson, disinfection materials, at iba pa ang gusali ng CS. Samantala, ang gusali ng Linangan ng Turismo sa Asya (AIT) ay magsisilbing isang testing facility para sa Ika-anim na Distrito ng Lungsod ng Quezon.

Tulad ng nabanggit na, kailangan sa quarantine facility ang lugar na maaliwalas, maayos ang daloy ng hangin, madaling puntahan, at kung maaari ay malapit sa University Health Service (UHS). Sinuri rin ang mga pasilidad na mayroon nang mga kama tulad ng mga dormitoryo, subalit nanunuluyan doon ang mga estudyanteng hindi makauwi. Ang University Hotel at Balay Kalinaw ay naka-aircon at hindi angkop ang mga silid para sa quarantine bukod pa sa pagiging malapit sa mga residential area.

Sa tuwing may pagkakataon tulad ng mga pulong ang Diliman Executive Committee, patuloy ang pabatid ni Tsanselor Nemenzo nang paghahanap ng angkop na quarantine facility dahit higit pang umiigting ang pangangailangan.

Nang magpulong ang UP COVID-19 Task Force noong ika-16 ng Abril, kinilala nila ang patuloy at mabilis na paglala ng krisis, paglaganap ng sakit, at pagbagsak ng health care system. Sadyang nahuhuli na ang tugon sa mga pangyayari. Dito na nagtawag si Tsanselor Nemenzo upang alamin kung anu-ano ang mga kolehiyo na makapaglalaan ng kanilang gusali, at dito na rin tumugon na ang KAPP ay handang maging kanlungan ng Diliman.

**Ang Kanlungang Palma sa Panahon ng Pandemya (KaPPP)**

Ang pangalang ito ay nabuo lamang sa palitang-kuro ng ilang mga kasama sa Lupong Tagapagpaganap ng Kolehiyo. Opisyal na ipinahayag ng Kolehiyo ang paggamit sa Bulwagang Palma bilang community quarantine facility noong ika-17 ng Abril 2020. Naging mabilis ang pagkilos upang magbagong-anyo ang gusali bilang kanlungan dahil oras ang kalaban.

Nang mag-usap kami ni Tsanselor Nemenzo noong ika-16 ng Abril, isinasaalang-alang ko ang mga agam-agam at pangamba na lilitaw sa Kolehiyo at, sa kabilang banda, ang pangangailangang tumugon sa panawagan.

Ang panahon ng krisis ay isang oportunidad upang balikan ang ating pinagmulan at ang ating layunin na siyang nagbigay-buhay at tunguhin sa atin, upang matugunan ang krisis na may tiyak na talang gabay. Tayo ang tahanan ng liberal education, ang konsensiya ng bayan, at tagapagsulong ng pilosopiya at mga agham panlipunan na kasamang sumusulong sa makabuluhang edukasyon. Ang ating kolehiyo at ang pisikal na istruktura na ating kinalalagyan ang buod, pusod, at simbolo ng pakikiisa sa dinaraing ng bayan, sa hangaring makapaglingkod. Ito ang tanghalan ng ating banal na pangako ng paglilingkod sa bayan at pagkalinga sa kaniya sa lahat ng panahon ng kaniyang pangangailangan.

Nakalugmok sa krisis ang bayan at muli itong nanawagan. Kailangan ang dagliang pagpapasya at lumingon ako sa malalim at dakilang tradisyon ng ating kolehiyo bilang gabay. Ipagpaumanhin ninyong hindi na nagkaroon ng sapat na panahong maisama kayong lahat sa binuong pagpasya. Isinaalang-alang ko rito kung ano ang lalong makabubuti para sa higit na nakararami, at sa bagay na ito ay tiyak akong hahantong tayo sa iisang tugon. Walang mapaghahambingang karanasan ng bayan ang pangyayaring ito dulot ng pandemya, liban lamang sa ang krisis na ito ay isang digmaan at hindi naghihintay ang kalaban bago tayo tamaan.

Ano ang Kanlungang Palma sa Panahon ng Pandemya? Magsisilbi itong quarantine facility para sa mga pinaghihinalaang may sakit na COVID-19 mula sa komunidad ng UP Diliman -- ang buong 493 hektarya ng ating kampus kasama ang mga pamayanang nasa loob ng 100 metro mula sa hanggahan. Ang UHS sa pangunguna ng Direktor nitong si Director Dr. Jesusa Catabui, at ang Public Health Unit nito sa pamamahala ni Dr. Darleth Romana-Bantiles, ang mangangasiwa sa Kanlungang Palma. Kasama sila at ang Office of the Campus Architect, ang University Food Service, at mga kasapi ng

UPD COVID-19 Task Force sa mga nagsagawa ng inspeksiyon sa Bulwagang Palma.

Ang decontamination sa Bulwagang Palma ay ipatutupad ng Savepoint, isang kumpanyang nagsasagawa ng malawakang decontamination na mahigpit na sumusunod sa mga patakarang inilatag ng World Health Organization. Ito ang nag-decontaminate at naglagay ng misting tent sa NISMED.

Pagkatapos ng lahat ng operasyong kaugnay sa COVID-19, muling magsasagawa ng malawakang decontamination ang Savepoint sa ating gusali. Kukuha ang Unibersidad ng mga propesyunal na janitor, yaong nakapagtrabaho na sa mga ospital at may kasanayan sa pamamalakad nito. Walang custodial worker natin ang magtatrabaho sa Kanlungang Palma. Hanggang doon lamang sila sa paghahanda ng quarantine rooms at kapag natapos ang paghahanda sa mga silid ay hindi na sila pupunta sa Bulwagang Palma. Ang pangongolekta at wastong pagtatapon ng basura at lahat ng waste materials mula sa Kanlungang Palma ay pansamantala ring gagawin ng ibang kumpanya; hindi ito kasama sa kokolektahin ng UP.

Dito sa bagong yugto ng kasaysayan ng Bulwagang Palma, mahalagang kilalanin ang pakikipagtulungan at suporta ng Kolehiyo ng Arte at Literatura (KAL). Magagamit din ang mga silid-aralan na nakatalaga sa KAL, kung kaya tunay na mahalaga ang suporta ng ating kasamang Kolehiyo na ipinahayag ni Dekano Amihan L. Bonifacio-Ramolete. Inihanda na ang lahat ng silid na maaaring gamitin at sa kabuuan ay may kapasidad na 236 katao ang Kanlungang Palma. Subalit ipinabatid ni Direktor Catabui na ang mga kawani ng UHS ay may kakayahang magbantay at magsubaybay ng hanggang 50 katao lamang sa quarantine. Sa gayon, 50 kama lamang ang inihanda.

Hindi gagamitin ang mga Pavilion 1, 2, 3 o 4 at alin mang tanggapan sa Bulwagang Palma. Nag-alok ang administrasyon ng UP Diliman na palagyan ng mga plyboard ang mga pintuan ng lahat ng mga opisina subalit hindi ito kailangan at sa halip ay lalagyan lamang ng mga harang. Sa gayon, hindi gagamitin ang unang palapag maliban sa lobby bilang tanggapan ng mga papasok sa quarantine facility. Ang tambayan ng mga organisasyong pangmag-aaral ay hindi rin bahagi ng mga aktibidad para sa Kanlungang Palma.

Bubuksan ang KaPPP sa oras na lubusang maihanda na ang lahat ng mga silid sa tamang ayos, ayon sa mga patakaran ng DOH. Ang UHS ang magsusubaybay at titiyak na nasusunod ang mga patakarang ito. Mula sa Act as One PH ang mga kagamitan para sa quarantine facility tulad ng mga kama, kutson, unan, at kumot, maging ang materyales at paggawa na kinakailangan upang maging quarantine facility ang ating gusali. Ang donasyon buhat sa Alay KAPPwa ay patuloy na tatanggapin ng ating security guards, custodial workers at ang 30 stranded construction workers sa Pavilion 4. Ang barracks nila ay may sapat na layo sa mismong quarantine facility.

Magkakaroon tayo ng regular na pabatid tungkol sa paghahanda at sa magiging takbo ng Kanlungang Palma kapag binuksan na ito bilang quarantine facility ng ating komunidad.

Sa huli, nais kong balikan muli ang tanong: Ano ang Kanlungang Palma? Ito ang ating sama-samang pag-aalay — ang ating pinag-isang *oblation* — sa ating komunidad at bayan sa kasalukuyan niyang pangangailangan. Ito rin ang pinakamahalagang maituturo natin sa ating mga mag-aaral sa panahong ito. #